**PROP 3 KONSTITUSYONAL NA KARAPATANG IKASAL. LEHISLATIBONG KONSTITUSYONAL NA AMYENDA.** Inaamyendahan ang Konstitusyon ng California upang kilalanin ang pundamental na karapatang magpakasal, anuman ang kasarian o lahi. Tinatanggal ang wika sa Konstitusyon ng California na nagsasaad na ang kasal ay sa pagitan lang ng lalaki at babae. **Epekto sa Pananalapi:** Walang pagbabago sa mga kita o gastos para sa pamahalaang pang-estado at lokal. **Mga Tagasuporta:** Sierra Pacific Synod ng The Evangelical Lutheran Church sa America; Dolores Huerta Foundation; Equality California **Mga Kumokontra:** Jonathan Keller, Konseho ng Pamilya ng California; Rev. Tanner DiBella

○ OO ○ HINDI

### ESTADO

**PROP 4 PINAHIHINTULUTAN ANG MGA BONO PARA SA LIGTAS NA INUMING TUBIG, PAG-IWAS SA WILDFIRE, AT PAGPROTEKTA SA MGA KOMUNIDAD AT MGA LIKAS NA LUPAIN MULA SA MGA PANGANIB SA KLIMA. BATAS NG LEHISLATURA.** Nagpapahintulot ng $10 bilyon na mga bono sa pangkalahatang obligasyon para sa tubig, pag-iwas sa wildfire, at proteksyon ng mga komunidad at lupain. Nag-aatas ng mga taunang audit. **Epekto sa Pananalapi:** Mas mataas na gastos ng estado na humigit-kumulang $400 milyon taun-taon sa loob ng 40 taon upang mabayaran ang bono. **Mga Tagasuporta:** Aksyon para sa Malinis na Tubig; Mga Bumbero ng CALFIRE; Pambansang Pederasyon sa Wildlife; The Nature Conservancy **Mga Kumokontra:** Kapisanang Howard Jarvis ng mga Nagbabayad ng Buwis

○ OO ○ HINDI

**PROP 5 PINAPAYAGAN ANG MGA LOKAL NA BONO PARA SA ABOT-KAYANG PABAHAY AT PAMPUBLIKONG IMPRASTRUKTURA NA MAY PAG-APRUBA NG 55% NG MGA BOTANTE. LEHISLATIBONG KONSTITUSYONAL NA AMYENDA.** Pinapayagan ang pag-apruba sa mga bono para sa lokal na imprastraktura at pabahay para sa mga taga-California na mababa at nasa gitna ang kita sa 55% na boto. Mga kahingian sa pananagutan. **Epekto sa Pananalapi:** Pagtaas ng lokal na paghiram para pondohan ang abot-kayang pabahay, pansuportang pabahay, at pampublikong imprastraktura. Ang halaga ay magdedepende sa desisyon ng mga lokal na pamahalaan at botante. Ang paghiram ay babayaran nang may mas mataas na buwis sa ari-arian. **Mga Tagasuporta:** Mga Propesyonal na Bumbero ng California; Liga ng mga Babaeng Botante ng California; Tirahan para sa Sangkatauhan ng California **Mga Kumokontra:** Asosasyon ng mga Nagbabayad ng Buwis ng California; Hispanikong mga Kamara de Komersiyo ng California; Alyansa ng mga Babaeng Beterano

○ OO ○ HINDI

### ESTADO

**PROP 6 INAALIS ANG KONSTITUSYONAL NA PROBISYON NA NAGPAPAHINTULOT SA HINDI BOLUNTARYONG PAGLILINGKOD PARA SA MGA NAKAKULONG. LEHISLATIBONG KONSTITUSYONAL NA AMYENDA.** Inaamyendahan ang Konstitusyon ng California upang alisin ang kasalukuyang probisyon na nagpapahintulot sa mga kulungan at bilangguan na magpataw ng hindi boluntaryong paglilingkod bilang parusa sa krimen (*ibig sabihin*, pamimilit sa mga nakakulong na magtrabaho). **Epekto sa Pananalapi:** Potensyal na pagtaas o pagbaba sa mga gastos ng estado at lokal, depende sa kung paano magbabago ang trabaho para sa mga taong nasa bilangguang pang-estado at kulungang pang-county. Anumang epekto ay malamang na hindi lalampas sa sampu-sampung milyong dolyar taon-taon. **Mga Tagasuporta:** Miyembro ng Asembleya Lori Wilson **Mga Kumokontra:** Walang isinumite

○ OO ○ HINDI

## MGA PANUKALANG ISINUMITE SA MGA BOTANTE

### ESTADO

**PROP 32 PINAPATAAS ANG PINAKAMABABANG SAHOD. INISYATIBANG BATAS.** Itinataas ang pinakamababang sahod gaya ng sumusunod: Para sa mga employer na may 26 o higit pang empleyado, sa $17 kaagad, $18 sa Enero 1, 2025. Para sa mga employer na may 25 o mas kaunting empleyado, hanggang $17 sa Enero 1, 2025, $18 sa Enero 1, 2026. **Epekto sa Pananalapi:** Ang mga gastos ng pamahalaang pang-estado at lokal ay maaaring tumaas o bumaba ng hanggang daan-daang milyong dolyar taon-taon. Ang mga kitang pang-estado at lokal ay malamang na bababa ng hindi hihigit sa ilang daang milyong dolyar taon-taon. **Mga Tagasuporta:** Walang isinumite **Mga Kumokontra:** Kamara de Komersiyo ng California; Asosasyon ng Restawran ng California; Asosasyon ng mga Grocer ng California

◯ OO ◯ HINDI

**PROP 33 NAGPAPALAWAK SA AWTORIDAD NG MGA LOKAL NA PAMAHALAAN UPANG MAGPAPATAW NG KONTROL SA UPA SA ARI-ARIANG RESIDENSYAL. INISYATIBANG BATAS.** Pinawawalang-bisa ang Costa-Hawkins Rental Housing Act of 1995, na kasalukuyang nagbabawal sa mga lokal na ordinansang naglilimita sa mga paunang residensyal na rate sa pagrenta para sa mga bagong nangungupahan o mga pagtaas ng upa para sa mga kasalukuyang nangungupahan sa mga partikular na ari-ariang residensyal. **Epekto sa Pananalapi:** Kabawasan sa mga kita ng lokal na buwis sa ari-arian na hindi bababa sa sampu-sampung milyong dolyar taon-taon dahil sa malamang na pagpapalawak ng kontrol sa upa sa ilang komunidad. **Mga Tagasuporta:** Asosasyon ng mga Nars ng CA; Alyansa ng CA para sa mga Retiradong Amerikano; Pagtataguyod para sa Kalusugan ng Isip; Koalisyon para sa Kaligtasang Pangkabuhayan; Tenants Together **Mga Kumokontra:** Konseho ng California para sa Abot-kayang Pabahay; Alyansa ng mga Babaeng Beterano; Kamara ng Komersiyo ng California

◯ OO ◯ HINDI

### ESTADO

**PROP 34 PINAGHIHIGPITAN ANG PAGGASTOS NG MGA KITA SA INIRERESETANG GAMOT NG MGA PARTIKULAR NA PROVIDER NG PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN. INISYATIBANG BATAS.** Inaatasan ang mga partikular na provider na gumastos ng 98% ng mga kita mula sa pederal na programa ng diskwento sa inireresetang gamot sa direktang pangangalaga ng pasyente. Pinahihintulutan ang pambuong estadong negosasyon ng mga presyo ng gamot sa Medi-Cal. **Epekto sa Pananalapi:** Mas malalaking gastos ng estado, malamang na milyon-milyong dolyar taon-taon, upang ipatupad ang mga bagong panuntunan sa mga partikular na entidad ng pangangalagang pangkalusugan. Ang mga apektadong entidad ay magbabayad ng mga bayarin upang masalo ang mga gastos na ito. **Mga Tagasuporta:** Ang Asosasyon ng ALS; Koalisyon ng California sa Pangangalaga ng Hindi Gumaling-galing na Karamdaman; Pamana ng Latino sa Los Angeles **Mga Kumokontra:** Pambansang Organisasyon para sa mga Babae; Nagbabantay sa Mamimili; Koalisyon para sa Kaligtasang Pangkabuhayan; Pundasyon ng Pangangalaga sa Kalusugan sa AIDS; Dolores Huerta

◯ OO ◯ HINDI

**PROP 35 NAGBIBIGAY NG PERMANENTENG PAGPOPONDO PARA SA MGA SERBISYO SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN NG MEDI-CAL. INISYATIBANG BATAS.** Ginagawang permanente ang umiiral na buwis sa mga pinamamahalaang plano ng seguro sa pangangalagang pangkalusugan, na kung aaprubahan ng pamahalaang pederal, ay magbibigay ng mga kita upang bayaran ang mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan ng Medi-Cal. **Epekto sa Pananalapi:** Mga panandaliang gastos ng estado sa pagitan ng humigit-kumulang $1 bilyon at $2 bilyon taon-taon upang madagdagan ang pagpopondo para sa mga partikular na programang pangkalusugan. Pagtaas ng kabuuang pagpopondo sa pagitan ng humigit-kumulang $2 bilyon hanggang $5 bilyon taon-taon. Mga hindi pa alam na pangmatagalang epekto sa pananalapi. **Mga Tagasuporta:** Planned Parenthood Affiliates of CA; American College of Obstetricians & Gynecologists; American Academy of Pediatrics, CA **Mga Kumokontra:** Walang isinumite

◯ OO ◯ HINDI

### ESTADO

**PROP 36 PINAPAYAGAN ANG MGA KASONG FELONY AT PINALALAWIG ANG MGA SENTENSYA PARA SA MGA PARTIKULAR NA KRIMEN SA DROGA AT PAGNANAKAW. INISYATIBANG BATAS.** Pinapayagan ang mga kasong felony para sa pagmamay-ari ng mga partikular na droga at para sa mga pagnanakaw ng mas mababa sa $950, kung ang nasasakdal ay may dalawang naunang hatol sa droga o pagnanakaw. **Epekto sa Pananalapi:** Ang mga gastos sa pang-estadong hustisyang kriminal ay malamang na mula sa ilang sampu-sampung milyong dolyar hanggang sa mababang daan-daang milyong dolyar taon-taon. Ang lokal na hustisyang kriminal ay malamang na magkakahalaga ng sampu-sampung milyong dolyar taon-taon. **Mga Tagasuporta:** Nagkakaisang mga Biktima ng Krimen sa California; Asosasyon ng mga Abogado ng Distrito ng California; Asosasyon ng mga Negosyo ng Pamilya ng California **Mga Kumokontra:** Diana Becton, Abogado ng Distrito ng County ng Contra Costa; Mga Nakaligtas sa Krimen para sa Kaligtasan at Hustisya

◯ OO ◯ HINDI

### COUNTY

**PANUKALA G PONDOHAN ANG MGA PROYEKTONG PANTRANSPORTASYON, PANG-IMPRAESTRUKTURA, AT PANGKALIGTASAN NG COUNTY NG SAN DIEGO SA PAMAMAGITAN NG KALAHATING SENTIMONG SALES TAX.** Upang ayusin/i-upgrade ang mga daan, tulay, storm drain, riles, at pigilan ang pagguho ng railway bluff; bawasan ang pagsikip ng trapiko; pagbutihin ang kaligtasan ng pedestriyan, nagbibisikleta, at nagmamaneho ng sasakyan; pagbutihin ang pampublikong transit; protektahan ang tahanan ng wildlife/kalidad ng hangin; at punan ang mga lubak; dapat bang pagtibayin ang panukala na mag-aawtorisa ng kalahating-sentimong sales tax na lilikom ng $350,000,000 taon-taon hanggang sa tapusin ng mga botante, na mangangailangan ng pangangasiwa ng mamamayan, pagsisiwalat sa publiko ng paggastos, at mga independyenteng taunang pag-audit?

◯ OO ◯ HINDI

## MGA PANUKALANG ISINUMITE SA MGA BOTANTE

## LUNGSOD NG CARLSBAD

**PANUKALA B** Dapat bang pagtibayin ng mga botante ng Lungsod ng Carlsbad ang panukalang mag-aamyenda sa tsarter ng lungsod at munisipal na kodigo upang: (1) taasan ang limitasyon sa paggastos para sa paggamit ng mga pondo ng lungsod upang kunin o pagbutihin ang real property mula $1 milyon (ang limitasyon na itinakda ng mga botante noong 1982) patungo sa $3.09 milyon (ang limitasyon noong 1982 halintulad sa dolyar sa kasalukuyan); (2) ayusin ang limit taon-taon sa Ika-1 ng Enero sa pamamagitan ng pagtataas ng porsyento sa panrehiyong indise ng gastos sa konstruksyon; at (3) i-exempt ang mga pasilidad para sa pampublikong kaligtasan mula sa limitasyon?

◯ **OO** ◯ **HINDI**

## LUNGSOD NG CHULA VISTA

**PANUKALA P** Dapat bang pagtibayin ang panukala na magpapatuloy sa pagpopondo sa mga serbisyo ng Lungsod ng Chula Vista kabilang ang pag-aayos sa mga lubak; pagpapanatiling ligtas, malinis, at namementina nang mabuti ang mga kalye, bangketa, impraestruktura, parke, pampublikong pasilidad; pagkukumpuni sa mga nalulumang storm drain; pamamahala ng kasikipan ng trapiko; at pagtanggal ng basura/graffiti sa mga pampublikong espasyo, sa pamamagitan ng pag-renew sa kalahating-sentimong transactions at use tax ng Chula Vista sa kasalukuyang antas (walang pagtataas), na ipagpapatuloy ang tinatayang $37,000,000 taon-taon para sa pangkalahatang paggamit ng gobyerno ng 10 taon, na may pangangasiwa ng mamamayan, mga independyenteng pag-audit, at ang lahat ng pera ay lokal na kontrolado?

◯ **OO** ◯ **HINDI**

## LUNGSOD NG DEL MAR

**PANUKALA M Panukala sa Transient Occupancy Tax (TOT)** Upang mapanatili ang mga serbisyo ng Lungsod na naapektuhan ng turismo (pampublikong kaligtasan, mga kalye, beach, parke, trail), dapat bang i-update ang Municipal Code ng Del Mar upang mangailangan ng TOT sa mga panauhin sa lahat ng panandaliang paupahan na bakasyunan (30 araw o mas mababa pa), hotel, at katulad na pasilidad – anuman ang bilang ng yunit/silid-tulugan – sa siningil na upa (hindi kasama ang singil sa pagpapareserba ng ikatlong partido), at magpapahintulot sa mga online na vendor sa pagpapareserba na mangolekta/mag-remit ng TOT sa Lungsod ng Del Mar, na lilikom ng humigit-kumulang $775,000 taon-taon sa lokal na kita, hanggang sa tapusin ng mga botante?

◯ **OO** ◯ **HINDI**

**PANUKALA A Panukala sa Kompensasyon ng Konseho ng Lungsod** Dapat bang amyendahan ang Municipal Code upang sumunod sa pormula ng kompensasyon ng Konseho ng Lungsod sa ilalim ng Government Code Seksyon 36516 upang: (i) siguraduhin na nakatakda ang suweldo ng mga miyembro ng Konseho at mahigpit na limitado alinsunod sa batas ng Estado, na magsisimula sa $950/buwan; at (ii) awtorisahan na maisaayos ang suweldo ng mga miyembro ng Konseho sa loob ng mga limitasyon ng batas ng Estado alinsunod sa ordinansang isinasaalang-alang sa publiko sa panahong hindi bababa sa dalawang pagpupulong ng Konseho ng Lungsod?

◯ **OO** ◯ **HINDI**

## LUNGSOD NG EL CAJON

**PANUKALA J PANUKALA SA MGA KRITIKAL NA SERBISYO SA EL CAJON**
Upang maiwasan ang malalaking pagbabawas sa:

- Bilang ng mga bumbero/paramedic;
- Bilang ng mga opisyal ng pulisya (kabilang ang tagapagpatupad para sa pagpapatrolya, pag-iwas sa krimen, at kawalan ng tirahan);
- Pagpapanatili ng kalye (halimbawa, pagpapaayos at pagpapapatag ng lubak); at
- Iba pang mahahalagang serbisyo ng Lungsod;

Dapat bang ipagpatuloy ng Lungsod ang ½ sentimong sales tax na inaprubahan ng mga botante noong 2008, para sa dagdag na 20 taon, na may pangangasiwa mula sa Citizen's Committee?

◯ **OO** ◯ **HINDI**

## LUNGSOD NG ENCINITAS

**PANUKALA K** Upang magbigay ng lokal na kontroladong pagpopondo para sa mga serbisyo ng lungsod sa Encinitas, tulad ng pagpapanatiling ligtas at malinis ng mga parke, beach, pampublikong pasilidad; pagpapanatiling nakalayo ang basura/polusyon sa mga lagoon, daluyan ng tubig, beach, tahanang pandagat sa pamamagitan ng pagkukumpuni ng mga nalulumang storm drain; pagpapanumbalik ng buhangin sa beach; pag-aayos ng mga lubak; pagpapanatili ng mga kalye; pagpapabuti ng kaligtasan sa trapiko, impraestruktura, at pasilidad sa pampublikong kaligtasan; dapat bang pagtibayin ang panukala ng Encinitas na magtatakda ng isang sentimong (1%) transactions at use (sales) tax, na magbibigay ng $15.4 milyon taon-taon para sa mga pangkalahatang layunin ng kita ng 10 taon?

◯ **OO** ◯ **HINDI**

## MGA PANUKALANG ISINUMITE SA MGA BOTANTE

### LUNGSOD NG ESCONDIDO

**PANUKALA I** Upang magbigay ng pagpopondo para sa mahahalagang serbisyo sa Escondido, tulad ng pagbibigay ng pampublikong kaligtasan; pagtugon sa kawalan ng tirahan; pagpapabuti ng mga kalye, bangketa at impraestruktura; pagdagdag ng mga serbisyo ng pulisya, bumbero at paramedic; pagbawas ng kasikipan ng trapiko; at pagpapanatili ng mga parke, trail at open space, dapat bang pagtibayin ang Escondido Community Investment Measure na magtatakda ng lokal na isang sentimong sales tax na magbibigay ng humigit-kumulang dalawampu't walong milyong dolyar taon-taon ng dalawampung taon, para sa pangkalahatang paggamit ng gobyerno, na may mga independyenteng pag-audit, pangangasiwa ng mamamayan, at ang lahat ng pera ay mananatili sa Escondido?

◯ **OO** ◯ **HINDI**

### LUNGSOD NG LA MESA

**PANUKALA L Panukalang Pumuprotekta sa Mahahalagang Serbisyo sa La Mesa nang Hindi Itinataas ang mga Antas ng Buwis.** Upang ipagpatuloy ang pagpopondo para sa mga serbisyo ng La Mesa, tulad ng pagpapanatiling ligtas, malinis at namementina nang mabuti ang mga parke/libangan/ pasilidad ng komunidad; pag-aayos ng mga lubak/ pagpapanatili ng mga kalye; at pagbibigay ng mabilis na 9-1-1 na pagresponde sa emerhensya/ proteksyon sa sunog/ mga paramedic/ pag-iwas sa krimen, dapat bang pagtibayin ang ordinansang magre-renew sa kasalukuyang ¾% na sales tax ng Lungsod ng La Mesa sa kasalukuyang antas (walang pagtataas), na ipinagpapatuloy ang $12,000,000 taon-taon ng 20 taon, na may independyenteng pangangasiwa, mga pag-audit, at ang lahat ng pondo ay lokal na kontrolado?

◯ **OO** ◯ **HINDI**

### LUNGSOD NG LEMON GROVE

**PANUKALA T** Upang magbigay ng pagpopondo para sa mga serbisyo ng lungsod sa Lemon Grove, tulad ng pagpapanatiling ligtas, malinis, at namementina nang mabuti ang mga lokal na kalye, bangketa, storm drain, parke, pasilidad ng komunidad; pag-aayos ng mga lubak; pagbibigay ng proteksyon sa sunog, paramedic, pulisya, at 911 na pagresponde sa emerhensya; pamamahala sa trapiko; pagtugon sa kawalan ng tirahan; at pag-alis ng graffiti/basura; Dapat bang pagtibayin ang ordinansa ng Lungsod ng Lemon Grove na magtatakda ng isang-sentimong sales tax, na magbibigay ng $5,957,000 taon-taon para sa 10 taon, na may pangangasiwa ng mamamayan, mga independyenteng pag-audit, at lahat ng pera na lokal na kontrolado?

◯ **OO** ◯ **HINDI**

### LUNGSOD NG NATIONAL CITY

**PANUKALA R** Dapat bang pagtibayin ang Panukalang magdaragdag ng Special Parcel Tax sa Lungsod ng National City na gagamitin para sa mga layuning pangkalye at pamparke, na may mga antas na nakabatay sa katangian ng ari-arian at nag-e-exempt sa ilang uri ng mga ari-arian na kokolektahin simula 2025, at magpapatuloy hanggang sa mapawalang-bisa ng mga botante, na may komite ng pangangasiwa, na lilikom ng tinatayang $1.7 milyong dolyar taon-taon?

◯ **OO** ◯ **HINDI**

### LUNGSOD NG OCEANSIDE

**PANUKALA X** Upang patuloy na magbigay ng mga pondo upang mapanatili at mapabuti ang mga pangkalahatang serbisyo ng lungsod sa Oceanside, kabilang ang: mga pagkukumpuni sa daan, pagpapanatili ng impraestruktura, mga ligtas na parke, beach at habitat restoration, pagresponde sa sunog, ng paramedic, at emerhensyang 911, mga pagpapatrolya ng pulis, pag-iwas sa krimen, at pagtugon sa kawalan ng tirahan, dapat bang palawigin ng Lungsod ng Oceanside ang kasalukuyang ½ sentimong sales tax sa kasalukuyang antas (walang pagtataas) ng 10 taon, na magbibigay ng humigit-kumulang $19,000,000 taon-taon para sa pangkalahatang paggamit ng gobyerno, na may pangangasiwa ng mamamayan, mga independyenteng pag-audit, at ang lahat ng pondo ay lokal na kontrolado?

◯ **OO** ◯ **HINDI**

### LUNGSOD NG POWAY

**PANUKALA H** Inaaprubahan ba ninyo ang pag-amyenda sa The Farm in Poway Specific Plan upang magpahintulot ng pagpapaunlad ng 30,500 square-foot na fitness club na panlibangan na may mga paggamit na outdoor fitness, naiilawang mga recreational court, swimming pool, café na may bar, isang day spa/retail, sa 6.87 acre na matatagpuan sa The Farm in Poway Specific Plan area (APN 273-932-25-00) sa Lungsod ng Poway?

◯ **OO** ◯ **HINDI**

Kopya/Reperensiya ng Balota

## MGA PANUKALANG ISINUMITE SA MGA BOTANTE

### LUNGSOD NG SAN DIEGO

**PANUKALA C MGA PAG-AMYENDA SA SEKSYON 66 NG TSARTER TUNGKOL SA MGA ELEKSYON NG BOARD NG EDUKASYON.** Dapat bang maamyendahan ang seksyon 66 ng Tsarter upang maalis ang primaryang eleksyon kapag dalawa o mas kaunti pang mga kandidato para sa partikular na puwesto para sa Board ng Edukasyon ng San Diego Unified School District, kabilang ang mga isinusulat-lamang na kandidato, na maging kwalipikado para sa primaryang eleksyon, kung saan ang mga kwalipikadong kandidato ay awtomatikong uusad sa pangkalahatang eleksyon?

◯ OO ◯ HINDI

**PANUKALA D PAGDAGDAG NG SEKSYON 41.3 NG TSARTER AT PAG-AMYENDA SA SEKSYON 41 UPANG MAPALAKAS ANG KALAYAAN NG ETHICS COMMISSION.** Dapat bang idagdag ang seksyon 41.3 ng Tsarter upang ang Ethics Commission, na nangangasiwa sa mga opisyal ng Lungsod, kandidato para sa katungkulan sa Lungsod, lobbyist, at konsultant, ay maaalis lamang ng mga botante, humirang ng sarili nitong Ehekutibong Direktor nang walang kumpirmasyon ng Konseho, independyenteng simulan ang sarili nitong mga imbestigasyon at referral sa tagapagpatupad ng batas, ay may mga tinukoy na kwalipikasyon at limitasyon sa termino, at binibigyan ng mga sapat na resource?

◯ OO ◯ HINDI

**PANUKALA E SALES TAX NG LUNGSOD NG SAN DIEGO** Upang mag-invest sa mga pag-upgrade ng kapitbahayan na maaaring kabilangan ng pag-aayos ng mga lubak, pag-aayos ng mga kalye, bangketa, at ilaw sa kalye, pagpapabuti ng mga parke at aklatan, pag-update sa pagresponde ng pulisya, bumbero, paramedic, at 9-1-1, at pagbibigay ng impraestruktura at paghahatid ng mga pangkalahatang serbisyo sa lahat ng kabitbahayan ng San Diego, dapat bang pagtibayin ang panukalang magpapatupad ng isang-sentimong sales tax, na lilikom ng humigit-kumulang $400,000,000 kada taon hanggang sa tapusin ng mga botante, na mangangailangan ng pangangasiwa ng mga mamamayan at independyenteng pag-audit, na ang lahat ng pondo ay mananatili sa Lungsod ng San Diego?

◯ OO ◯ HINDI

### LUNGSOD NG SAN MARCOS

**PANUKALA Q** Upang magbigay ng pagpopondo para sa mga serbisyo ng lungsod sa San Marcos, tulad ng pagpapaayos ng mga lubak, pagpapanatili ng mga kalye/pampublikong impraestruktura; pagbawas ng kasikipan ng trapiko; pagpapanatiling ligtas at namementina nang mabuti ang mga lokal na parke, trail, palaruan at pasilidad ng komunidad; pagbibigay ng proteksyon sa sunog, paramedic, pag-iwas sa krimen, at 911 na pagresponde sa emerhensya; dapat bang pagtibayin ang panukala ng Lungsod ng San Marcos na magtatakda ng 1 sentimong sales tax, na magbibigay ng humigit-kumulang $20,000,000 taon-taon para sa pangkalahatang paggamit ng gobyerno nang 10 taon, na may pangangasiwa ng mamamayan, mga independyenteng pag-audit, at ang lahat ng pera ay lokal na kontrolado?

◯ OO ◯ HINDI

### LUNGSOD NG SANTEE

**PANUKALA S** Dapat bang pagtibayin ang panukalang mag-aamyenda sa Santee Municipal Code upang maipatupad ang kalahating sentimong espesyal na sales tax ng labinlimang taon upang suportahan ang proteksyon sa sunog at mga pasilidad at serbisyo sa pagresponde sa emerhensya sa Lungsod ng Santee?

◯ OO ◯ HINDI

## PAARALAN

### SOUTHWESTERN COMMUNITY COLLEGE DISTRICT

**PANUKALA SW PANUKALA NG SOUTHWESTERN COLLEGE SA EDUKASYON PARA SA KARERA, PAGKUKUMPUNI, ABOT-KAYANG MAS MATAAS NA EDUKASYON.** Upang ihanda ang mga estudyante/beterano para sa mga trabaho; i-upgrade ang mga silid-aralan para sa bokasyonal/karera, laboratoryo/teknolohiya/kagamitan upang sanayin ang mga lokal na nars, bumbero/paremedic/iba pang mga trabaho; alisin ang mga lead na tubo/asbestos; kumpunihin ang mga nasisirang linya ng gas/imburnal; dapat bang mag-isyu ang Southwestern Community College ng $800,000,000 sa mga bono sa mga legal na antas, magpataw ng average na $25 kada $100,000 ng assessed valuation, na lilikom ng $51,000,000 taon-taon habang hindi pa nababayaran ang mga bono, na mangangailangan ng mga pag-audit, pampublikong pangangasiwa/pagsisiwalat ng paggastos, na ang lahat ng pondo ay mananatiling lokal?

◯ MGA BONO - OO ◯ MGA BONO - HINDI

## MGA PANUKALANG ISINUMITE SA MGA BOTANTE

### PAARALAN

### SAN DIEGO COMMUNITY COLLEGE DISTRICT

**PANUKALA HH** PANUKALA NG SAN DIEGO COMMUNITY COLLEGE SA PAGKUKUMPUNI NG SILID-ARALAN, ABOT-KAYANG EDUKASYON, MGA KARERA

Dapat bang pagtibayin ang panukala ng San Diego Community College District upang:

- Kumpunihin ang mga silid-aralan
- Protektahan ang pagiging abot-kaya ng kolehiyo
- Ihanda ang mga estudyante para sa mga karera kabilang ang narsing, pagpuksa ng sunog, agham, at inhinyeriya
- Kumpunihin ang mga nasisirang bubong, linya ng kuryente/gas
- Siguraduhin ang ligtas na inuming tubig
- Alisin ang pinturang may lead, asbestos
- Pagbutihin ang mga resource para sa estudyanteng beterano/walang tirahan

na mag-aawtorisa ng $3.5 bilyon sa mga bono sa mga legal na antas, na may average na 2.5¢ kada $100 ng assessed valuation (lilikom ng $168 milyon taon-taon habang hindi pa nababayaran ang mga bono) na may pangangasiwa, mga pagsisiwalat ng paggastos, mga pondong mananatiling lokal?

◯ MGA BONO - OO ◯ MGA BONO - HINDI

### BONSALL UNIFIED SCHOOL DISTRICT

**PANUKALA V** Upang maihanda ang mga estudyante para sa kolehiyo, karera at trade, at suportahan ang hands-on na pagtuturo ng matematika, agham, inhinyeriya at teknolohiya sa pamamagitan ng pag-upgrade sa mga silid-aralan, laboratoryo, pasilidad, at kagamitan; pagpapabuti ng kaligtasan ng paaralan/ sistemang panseguridad; pagkukumpuni ng mga nasisirang bubong, plumbing, sistemang elektrikal; at pagdaragdag ng mga silid-aralan/ pasilidad upang maiwasan ang pagsisiksikan ng maraming tao; dapat bang pagtibayin ang panukala ng Bonsall Unified School District na mag-aawtorisa ng $59,000,000 sa mga bono sa mga legal na antas, na magpapataw ng humigit-kumulang 4¢ kada $100 na assessed value (humigit-kumulang $3,800,000 taon-taon) habang ang mga bono ay hindi pa nababayaran, na may pangangasiwa, mga pag-audit, ang lahat ay lokal na kontrolado?

◯ MGA BONO - OO ◯ MGA BONO - HINDI

### PAARALAN

### RAMONA UNIFIED SCHOOL DISTRICT

**PANUKALA GG** Sa mga pondong hindi maaaring kunin ng Estado at gastusin saanman, dapat bang pagtibayin ang panukala ng Ramona Unified School District upang pagbutihin ang mga pasilidad para sa paghahanda sa karera, kolehiyo at bokasyonal na edukasyon; kumpunihin ang tumutulong bubong at plumbing; i-update ang pang-emerhensyang komunikasyon/fire alarm systems; at palitan ang mga nasisirang portable na silid-aralan, na mag-aawtorisa ng $26.7 milyon ng mga bono na may mga pag-audit, legal na antas, average na mga pagpapataw na $59 kada $100,000 ng assessed valuation (lilikom ng $4.3 milyon taon-taon) habang hindi pa nababayaran, independyenteng pangangasiwa at pagsisiwalat sa publiko ng lahat ng paggastos?

◯ MGA BONO - OO ◯ MGA BONO - HINDI

### SAN MARCOS UNIFIED SCHOOL DISTRICT

**PANUKALA JJ** Upang kumpunihin at i-upgrade ang mga mas matatandang paaralan, tanggalin ang asbestos, mga tubo na may lead, amag; ayusin ang mga nasisirang bubong, plumbing, imburnal, at elektrikal; suportahan ang kahandaan sa kolehiyo/ karera sa matematika, agham, inhinyeriya, teknolohiya, sining, at mga skilled trade; sa pamamagitan ng pagsasamoderno ng mga silid-aralan, laboratoryo ng agham, pasilidad ng paaralan, at teknolohiya, dapat bang pagtibayin ang panukala ng San Marcos Unified School District na mag-aawtorisa ng $324 milyon sa mga bono sa mga legal na antas, na magpapataw ng 4 sentimo kada $100 na assessed value ($20 milyon taon taon) habang hindi pa nababayaran ang mga bono, na may pangangasiwa ng mamamayan at ang lahat ng pera ay lokal na kontrolado?

◯ MGA BONO - OO ◯ MGA BONO - HINDI

### PAARALAN

### VALLEY CENTER-PAUMA UNIFIED SCHOOL DISTRICT

**PANUKALA SS** Sa mga pondong hindi maaaring kunin ng Estado at gastusin saanman, dapat bang pagtibayin ang panukala ng Valley Center - Pauma Unified School District upang mapalawak ang mga pasilidad ng pagsasanay sa karera at teknikal na edukasyon; i-renovate at isamoderno ang mga silid-aralan at laboratoryo ng Science, Technology, Engineering at Mathematics; at pagbutihin ang kaligtasan at seguridad, na mag-aawtorisa ng $84.6 milyon ng mga bono na may average na mga pagpapataw na mababa sa $54 kada $100,000 ng assessed valuation (lilikom ng $5.4 milyon taon-taon) habang hindi pa nababayaran, mga legal na antas, mga independyenteng pag-audit, pangangasiwa ng mamamayan, at buong pagsisiwalat sa publiko ng lahat ng paggastos?

◯ MGA BONO - OO ◯ MGA BONO - HINDI

### WARNER UNIFIED SCHOOL DISTRICT

**PANUKALA TT** Upang matugunan ang kalusugan at kaligtasan, maglagay ng drinking well na may treatment system upang maalis ang arsenic/ mga contaminant, i-upgrade ang fire alarm system, i-update ang elektrikal at utilidad, at siguraduhin ang kahandaan sa paglikas; dapat bang pagtibayin ang panukala ng Warner Unified School District na mag-aawtorisa ng $3,800,000 sa mga bono sa mga legal na antas, na magpapataw ng $38 kada $100,000 ng assessed value habang ang mga bono ay hindi pa nababayaran (na nangongolekta ng average na $243,662 taon-taon), na may pangangasiwa ng mamamayan, walang pondo para sa mga administrador, at ang lahat ng pera sa pagpapabuti ng Warner Unified School District?

◯ MGA BONO - OO ◯ MGA BONO - HINDI

## MGA PANUKALANG ISINUMITE SA MGA BOTANTE

### PAARALAN

### FALLBROOK UNION HIGH SCHOOL DISTRICT

**PANUKALA BB** Upang ma-update ang mga lokal na pasilidad ng high school, kumpunihin, magpatayo/pagbutihin ang mga silid-aralan, laboratoryo ng agham, teknolohiya sa pagtuturo, pasilidad ng pagsasanay sa karera/paaralan upang suportahan ang kahandaan sa kolehiyo/karera sa matematika, agham, inhinyeriya, teknolohiya, sining, at mga skilled trade; palitan ang mga nalulumang bubong, plumbing, sistemang elektrikal; pagbutihin ang ligtas na pag-access para sa lahat ng estudyante; dapat bang pagtibayin ang panukala ng Fallbrook Union High School District na mag-awtorisa ng $56,000,000 sa mga bono sa mga legal na antas, na magpapataw ng $24 kada $100,000 na assessed value ($3,000,000 taon-taon) habang ang mga bono ay hindi pa nababayaran, na may pangangasiwa ng mamamayan at ang lahat ng pera ay lokal na kontrolado?

◯ MGA BONO - OO

◯ MGA BONO - HINDI

### SWEETWATER UNION HIGH SCHOOL DISTRICT

**PANUKALA RR** Upang kumpunihin/i-upgrade ang mga paaralan, kabilang ang mga silid-aralan/laboratoryo para sa bokasyonal/karera, agham, inhinyeriya, teknolohiya; pagbutihin ang kaligtasan/seguridad, sistema ng komunikasyong pang-emerhensya; alisin ang asbestos/pinturang may lead/amag; magbigay ng ligtas na iniinom na tubig; ayusin ang mga linya para sa gas/imburnal, banyo; dapat bang pagtibayin ang panukala ng Sweetwater Union High School District na mag-awtorisa ng $647,000,000 sa mga bono sa mga legal na antas, na magpapataw ng $30 kada $100,000 ng assessed valuation, na lilikom ng humigit-kumulang $42,600,000 taon-taon, habang hindi pa nababayaran ang mga bono, na mangangailangan ng pagsisiwalat sa publiko ng paggastos, pangangasiwa, ang lahat ng pondo ay gagamitin nang lokal?

◯ MGA BONO - OO

◯ MGA BONO - HINDI

### PAARALAN

### ALPINE UNION SCHOOL DISTRICT

**PANUKALA U** Nang walang pagtataas sa nag-expire na mga antas ng buwis mula 2023-24, dapat bang pagtibayin ang panukala ng Alpine Union School District upang palitan ang mga tumutulong bubong, hindi nakatitipid na heating, air-conditioning at elektrikal sa Boulder Oaks Elementary School, Shadow Hills Elementary School, Joan MacQueen Middle School, Mountain View Learning Academy at Creekside Early Learning Center, na mag-aawtorisa ng $6.3 milyon ng mga bono na may mga legal na antas, pagpapataw na $30 kada $100,000 ng assessed valuation (lilikom ng $1,200,000 taon-taon habang hindi pa nababayaran), mga pag-audit, independyenteng pangangasiwa, pagiging karapat-dapat sa mga katumbas na pondo ng Estado, pagsisiwalat sa publiko ng paggastos, at walang pondong makukuha ng Estado at gagamitin sa iba pang mga distrito ng paaralan?

◯ MGA BONO - OO

◯ MGA BONO - HINDI

### CAJON VALLEY UNION SCHOOL DISTRICT

**PANUKALA W** Sa mga pondong hindi maaaring kunin ng Estado at gastusin saanman, dapat bang pagtibayin ang panukala ng Cajon Valley Union School District upang kumpunihin o palitan ang mga tumutulong bubong, tubo at plumbing; i-update ang hindi nakatitipid na mga heating at cooling system; at i-renovate ang mga silid-aralan, na mag-aawtorisa ng $280 milyon ng mga bono na may mga average na pagpapataw na mababa sa $27 kada $100,000 ng assessed valuation (lilikom ng $15 milyon taon-taon) habang hindi pa nababayaran, mga legal na antas, pangangasiwa ng mamamayan, pagiging karapat-dapat sa mga katumbas na pondo ng estado, mga pag-audit, buong pagsisiwalat sa publiko ng paggastos at walang tinantiyang pagtaas sa mga kasalukuyang antas ng buwis?

◯ MGA BONO - OO

◯ MGA BONO - HINDI

### PAARALAN

### CHULA VISTA ELEMENTARY SCHOOL DISTRICT

**PANUKALA AA** Sa mga pondong hindi maaaring kunin ng Estado at gastusin saanman, dapat bang pagtibayin ang panukala ng Chula Vista Elementary School District upang i-upgrade ang mga pang-emerhensyang komunikasyon at sistemang panseguridad; kumpunihin ang mga nasisirang bubong; tiyakin ang accessibility para sa mga may kapansanan; at i-renovate ang nalulumang kagamitan sa palaruan at mga kasalukuyang silid-aralan, na mag-aawtorisa ng $360 milyong mga bono na magpapataw ng humigit-kumulang na $29 kada $100,000 ng assessed valuation (lilikom ng $22 milyon taon-taon) habang hindi pa nababayaran, na may mga legal na antas, independyenteng pangangasiwa, pagiging karapat-dapat para sa mga katumbas na pondo ng Estado at buong pagsisiwalat sa publiko ng paggastos?

◯ MGA BONO - OO

◯ MGA BONO - HINDI

Kopya/Reperensiya ng Balota

## MGA PANUKALANG ISINUMITE SA MGA BOTANTE

### PAARALAN

### DEHESA SCHOOL DISTRICT

**PANUKALA Y** Upang mapabuti ang kalidad ng edukasyon; magpatayo/ magsamoderno/ mag-renovate ng mga silid-aralan, banyo at pasilidad ng paaralan; palitan ang mga luma nang heating at cooling system; at palitan ang mga tumutulong bubong; dapat bang pagtibayin ang panukala ng Dehesa School District na mag-aawtorisa ng $3,300,000 ng mga bono sa mga legal na antas ng interes, na lilikom ng average na $222,000 taon-taon hangga't ang mga bono ay hindi pa nababayaran sa antas ng humigit-kumulang na $25 kada $100,000 na assessed value, na may mga taunang pag-audit, independyenteng pangangasiwa ng mga mamamayan, walang pera para sa mga suweldo at walang perang kukunin ng Estado?

| | |
|---|---|
| ◯ **MGA BONO - OO** | ◯ **MGA BONO - HINDI** |

### ENCINITAS UNION SCHOOL DISTRICT

**PANUKALA Z** Upang mapabuti ang kalidad ng edukasyon; palitan ang mga tumutulong bubong; i-upgrade ang impraestruktura kabilang ang plumbing, imburnal, at HVAC; pagbutihin ang kaligtasan at seguridad; at magpatayo/mag-renovate/magsamoderno ng mga silid-aralan, banyo at pasilidad ng paaralan; dapat bang pagtibayin ang panukala ng Encinitas Union School District na mag-aawtorisa ng $158,300,000 ng mga bono sa mga legal na antas, na lilikom ng average na $9,200,000 taon-taon habang ang mga bono ay hindi pa nababayaran sa antas na humigit-kumulang $19 kada $100,000 na assessed value, na may mga taunang pag-audit, independyenteng pangangasiwa ng mga mamamayan, WALANG pera para sa mga suweldo at ang lahat ng pera ay mananatiling lokal?

| | |
|---|---|
| ◯ **MGA BONO - OO** | ◯ **MGA BONO - HINDI** |

### PAARALAN

### LEMON GROVE SCHOOL DISTRICT

**PANUKALA CC** BONO PARA SA AGHAM AT TEKNOLOHIYA. Sa mga pondong hindi maaaring kunin ng Estado at gastusin saanman, dapat bang pagtibayin ang panukala ng Lemon Grove School District upang masiguro ang pag-access ng mga may kapansanan at palawakin ang mga silid-aralan at laboratoryo para sa agham, teknolohiya, coding, robotics, inhinyeriya, sining, at matematika, na mag-aawtorisa ng $30 milyon ng mga bono na may mga legal na antas, average na mga pagpataw na mababa sa $25 kada $100,000 ng assessed valuation (lilikom ng $1.8 milyon taon-taon) habang hindi pa nababayaran, pangangasiwa ng mamamayan, mga pag-audit, walang pondo para sa mga suweldo ng administrador at buong pagsisiwalat sa publiko ng paggastos?

| | |
|---|---|
| ◯ **MGA BONO - OO** | ◯ **MGA BONO - HINDI** |

**PANUKALA EE** BONO PARA SA MGA PAGKUKUMPUNI. Sa mga pondong hindi maaaring kunin ng Estado at gastusin saanman, dapat bang pagtibayin ang panukala ng Lemon Grove School District upang palitan ang mga tumutulong bubong at plumbing; i-update ang nalulumang elektrikal at ang hindi nakatitipid na mga sistemang heating at air conditioning; at pagbutihin ang mga sistemang panseguridad, na mag-aawtorisa ng $30 milyon ng mga bono na may legal na mga antas, average na pagpataw na mababa sa $25 kada $100,000 ng assessed valuation (lilikom ng $1.8 milyon taon-taon) habang hindi pa nababayaran, pangangasiwa ng mamamayan, mga pag-audit, walang pondo para sa mga suweldo ng administrador at buong pagsisiwalat sa publiko ng paggastos?

| | |
|---|---|
| ◯ **MGA BONO - OO** | ◯ **MGA BONO - HINDI** |

## MGA PANUKALANG ISINUMITE SA MGA BOTANTE

### PAARALAN

### SAN YSIDRO SCHOOL DISTRICT

**PANUKALA KK BONO PARA SA PAGPAPABUTING SAN YSIDRO SCHOOL DISTRICT.** Sa mga pondong hindi maaaring kunin ng Estado at gastusin saanman, dapat bang pagtibayin ang panukala ng San Ysidro School District na palitan ang mga tumutulong bubong at plumbing; i-upgrade ang nalulumang elektrikal, heating at air-conditioning; pagbutihin ang teknolohiya sa silid-aralan sa Ocean View Hills Elementary at Vista Del Mar Middle School; at magpatayo ng mga bagong pasilidad na pang-edukasyon, na mag-aawtorisa ng $68.5 milyon ng mga bono na may mga legal na antas, pag-audit, pagpapataw na mababa sa $30 kada $100,000 ng assessed valuation habang hindi pa nababayaran (lilikom ng $4,450,000 taon-taon), pangangasiwa ng mamamayan, at buong pagsisiwalat sa publiko ng paggastos?

◯ MGA BONO - OO

◯ MGA BONO - HINDI

**PANUKALA LL BONO PARA SA KALIGTASAN/KONSTRUKSYON NG SAN YSIDRO SCHOOL DISTRICT.** Sa mga pondong hindi maaaring kunin ng Estado at gastusin saanman, dapat bang pagtibayin ang panukala ng Distrito ng Paaralan ng San Ysidro upang pagbutihin ang kaligtasan ng estudyante at seguridad ng paaralan; i-upgrade ang pang-emerhensyang komunikasyon; magpatayo ng mga silid-aralan sa Ocean View Hills Elementary at Vista Del Mar Middle School; at magpatayo ng mga bagong pasilidad na pang-edukasyon, na mag-aawtorisa ng $66.5 milyon ng mga bono na may mga legal na antas, pag-audit, pagpapataw na mababa sa $30 kada $100,000 ng assessed valuation habang hindi pa nababayaran (lilikom ng $4,350,000 taon-taon), pangangasiwa ng mamamayan, at buong pagsisiwalat sa publiko ng paggastos?

◯ MGA BONO - OO

◯ MGA BONO - HINDI

### PAARALAN

### SAN YSIDRO SCHOOL DISTRICT

**PANUKALA MM** Sa mga pondong hindi maaaring kunin ng Estado at gastusin saanman, dapat bang pagtibayin ang panukala ng mga San Ysidro School District upang pagbutihin ang kaligtasan ng paaralan; palitan ang mga bubong, elektrikal, plumbing, mga sistemang heating at air conditioning; magdagdag ng mga bagong silid-aralan; at kumpunihin ang mga nalulumang banyo sa mga Paaralang Elementarya ng La Mirada, Smythe, Sunset, at Willow, San Ysidro Middle School, at Preschool at Child Development Center, na mag-aawtorisa ng $12,900,000 ng mga bono na may mga average na pagpataw na mababa sa $30 kada $100,000 ng assessed valuation habang hindi pa nababayaran (lilikom ng $830,000 taon-taon), na may mga legal na antas, pag-audit, pangangasiwa ng mamamayan at pagsisiwalat sa publiko ng paggastos?

◯ MGA BONO - OO

◯ MGA BONO - HINDI

### SANTEE SCHOOL DISTRICT

**PANUKALA NN** Sa mga pondong hindi maaaring kunin ng Estado at gastusin saanman, dapat bang pagtibayin ang panukala ng Santee School District upang palitan ang mga tumutulong tubo at plumbing; kumpunihin ang hindi nakatitipid na heating at air-conditioning; i update ang mga pang-emerhensyang komunikasyon; at pagbutihin ang seguridad ng paaralan, na mag-aawtorisa ng $30.62 milyon ng mga bono na may legal na mga antas, pag-audit, average na pagpataw na mababa sa $12 kada $100,000 ng assessed valuation (lilikom ng $1.8 milyon taon-taon habang hindi pa nababayaran), pangangasiwa ng mamamayan, buong pagsisiwalat sa publiko ng lahat ng paggastos at walang tinantiyang pagtaas sa mga kasalukuyang antas ng buwis?

◯ MGA BONO - OO

◯ MGA BONO - HINDI

### PAARALAN

### SOUTH BAY UNION SCHOOL DISTRICT

**PANUKALA PP Bono para sa Kaligtasan/STEAM ng South Bay Union School District.** Upang mapabuti ang mga lokal na paaralan gamit ang mga pondong hindi maaaring kunin ng Estado, dapat bang pagtibayin ang panukala ng South Bay Union School District upang matiyak ang pag-access ng may kapansanan; palawakin ang mga silid-aralan para sa Science, Technology, Engineering, Arts, at Math (STEAM); at i-upgrade ang sistema ng komunikasyong pang-emerhensya at seguridad, na mag-aawtorisa ng $67 milyon ng mga bono na may mga legal na antas, mga tinantiyang pagpapataw na mababa sa $30 kada $100,000 ng assessed valuation habang ang mga bono ay hindi pa nababayaran (lilikom ng $3.7 milyon taon-taon), independyenteng pangangasiwa ng mamamayan at buong pagsisiwalat sa publiko ng paggastos?

◯ MGA BONO - OO

◯ MGA BONO - HINDI

**PANUKALA QQ Bono para sa Pagpapaayos ng Silid-aralan ng South Bay Union School District.** Upang kumpunihin ang mga lokal na paaralan gamit ang mga pondong hindi maaaring kunin ng Estado at gastusin saanman, dapat bang pagtibayin ang panukala ng South Bay Union School District upang palitan ang mga tumutulong tubo at plumbing; ayusin ang mga silid-aralan; at i-upgrade ang mga nalulumang sistema ng kuryente/ air-conditioning, na mag-aawtorisa ng $58 milyon ng mga bono na may mga legal na antas, mga tinantiyang pagpapataw na mababa sa $30 kada $100,000 ng assessed valuation habang ang mga bono ay hindi pa nababayaran (lilikom ng $3.8 milyon taon-taon), mga taunang pag-audit, independyenteng pangangasiwa ng mamamayan at buong pagsisiwalat sa publiko ng paggastos?

◯ MGA BONO - OO

◯ MGA BONO - HINDI